Tagalog

Ang kalagayan ng buhay ng mga taga Izu-Oshima ay nakikita sa kanilang espesyalidad.

Let's "Habu" Bekko-zushi!

Izu-Oshima first group

Ano ang Bekko-zushi?
Ito ay isang uri ng sushi, na itinuturing na isang espesyal na pagkain ng mga taong naninirahan sa mga Isla ng Izu. Inihanda ito sa pamamagitan ng pagbabad ng puting isda sa toyo na may hot green pepper. Pinangalanan itong Bekko-zushi dahil ang kulay pagkatapos ng pambabad ay katulad ng tactile na gawa sa shell ng pagong.

Ano ang kaibahan nito sa isang karaniwang sushi?

	Bekko-zushi	Sushi
Kulay	Amber	Orihinal na kulay
Paano ginagawa	Ibabad ang puting isda sa toyo na may hot green pepper	Hinihiwa lamang ang isda ng malilit na piraso
Lasa	Kakaibang maanghang na lasang toyo	Orihinal na lasa ay nananatili
Layunin	Pag-iimbak nito sa loob ng mahabang panahon	Tangkilikin ang sariwang isda

Bakit ang espesyal na sushi ay inihanda sa ibang paraan?
Naisip ng mga tao sa Izu-Oshima Island na dapat magkaroon ng isang mahusay at kakaibang paraan sa paghahanda ng pagkain dahil sa mga sumusunod na dahilan:
1. Panahon: Ang Izu-Oshima Island ay mas mainit kaysa sa main island ng Tokyo at ang pagkain ay madaling mapanis kaya kailangan na mapreserve ito.
2. Preservation: Ang bawat rehiyon sa Japan ay may sariling paraan upang mapreserve ang pagkain sa loob ng mahabang panahon mula noong sinaunang panahon. Para sa mga taga Oshima, ang pagbabad ng isda sa toyo na may hot green pepper ay posible.

Tagalog

Ang paglalakad sa paligid ng Habu ay tulad ng paglalakad sa malalim na bahaging mundo!

~ Daungan na nilikha mula sa kapangyarihan ng bulkan ~

◇◆Kasaysayan◆◇

Ang pagsabog ng bulkan noong taong 838 ay lumilikha ng malaking pagbubukas ng bunganga na kalaunan ay nag-ipon ng tubig-ulan, pagkatapos ay naging isang lawa.

Noong 1703, ang pader ng lawa, na naghihiwalay dito mula sa dagat, ay nasira ng malakas na lindol at tsunami na sa kalaunan ay nag-ugnay sa tubig sa dagat. Ginamit ito noon bilang isang port na binuksan para sa lahat noong 1800.

Dahil ang sinaunang bulkan ay nagbukas ng daungan ng Habu, salamat sa kapangyarihan ng mundo !!

Hagdan…Crater Wall

Daungan…Crater

☜Ang tanawin kung saan makikita ang daungan ng Habu

◇◆Point◆◇

Ang paglalakad sa paligid ng Habu ay tulad ng paglalakad sa malalim na bahagi ng mundo!

Bakit hindi mo iparamdam sa sarili ang lakas ng lupa sa pamamagitan ng

paglalakad sa paligid ng Habu? Ang paglalakad sa daungan ng Habu ay tulad ng paglalakad sa panloob na bahagi ng daigdig.

→ Samakatuwid, ang paglalakad sa hagdan ay katulad ng paglalakad sa pader ng crater.

→ Ang pagtayo sa daungan ay katulad ng nakatayo sa crater ng bulkan!

Tagalog

Karanasan para sa Pangangatawan！

～Para sa mga taong aktibong gumalaw ～

Inirekomendang lugar

[Seaside Nature trail] Haba ng oras: 20minutes ~ 3hours (Maaari kang pumili ng madali o mahirap na daan)

~ Ang paglalakad sa Seaside Nature trail ay hindi basta-basta~

Ang seaside Nature trails sa Oshima park ay tulad ng isang gubat.

Inirerekomenda namin ang lugar para sa mga taong gustong tangkilikin ang pag-hiking o pag-akyat sa bundok. Ang tanawin mula sa mga talampas ng isla ay ang tinuturing na pinakamagandang tanawin ng isla.

* Tip · · · Pagkatapos ng hiking, iminumungkahi namin sa iyo na subukan ang Oshima milk ice cream dahil ito ay napakasarap at nakakapresko.

[Camellia festival] Haba ng oras: 30minutes

~ Makaranas ng lokal na entertainment ng Izu Oshima.

Season: Late January ~ Late March

* Ankosan · · · Isang babae na may suot na tradisyonal na damit ng isla. Maaari kang magsuot ng mga damit ng tradisyonal na Anko. Ang damit ng Anko ay orihinal na isinusuot para sa mga babaeng nagtatrabaho ngunit masisiyahan din ang mga lalaking gustong makaranas na mgsuot nito. Maaari mo ring tangkilikin ang pagsasayaw kasama ang mga lokal na Anko-san. Ang lokal na sayaw ay tinatawag na "Asitaba Ondo"

[Oshima Park Zoo] Haba ng oras: 1 ~ 2 oras

~ Maaari kang makaranas ng isang malapit na pakikipag-ugnayan sa mga hayop ~

Maaari mong pakainin ang asno, baboy at ring-tailed lemur. Pakiusap lang na hindi ka maaaring bumili ng mga feeds sa loob ng zoo. Dapat kang bumili sa shop bago pumasok sa zoo. Maaari kang magkaroon ng isang mahalagang karanasan upang madama ang likas na hilig ng mga hayop. Ang Barbary sheep at ring-tailed lemur ay malayang nakatira sa loob ng bundok kung saan nalikha sa pamamagitan ng pagdeposito ng lava mula sa nakaraang pagsabog ng bulkan. Maaari mo ring tangkilikin ang buhay ng mga ibon sa malaking hawla na parang ang mga ito ay malayang nakatira sa gubat.

* Maaari mong makita ang magagandang karagatan kahit saang parte ng park. Ito ay natatangi sa isla!!

Recommended route

Camellia festival	Lunch	Camellia museum	Zoo	Seaside Nature trail	Eating Oshima milk ice in the shop
11:30	12:00	12:30	13:00	14:00	15:00
¥0	¥600	¥0	¥100	¥0	¥300

Tagalog

Oshima Park

~Ang mga nakakaaliw na tanawin sa Oshima ay pinag-isa~

Tatangkilikin mo ang mga tradisyunal na sayaw na naipapakita lamang sa panahon ng Camellia festival. Gayundin, maaari mong subukan ang tradisyunal na damit ng mga babae na nagtatrabaho noon, tinatawag silang Anko-san.

Maaari mo ring tangkilikin ang magaganda at iba't ibang uri ng bulaklak na tinatawag na Camellia na namumulaklak sa panahong ito. Maaari mo ring matutunan ang kasaysayan lalo na and uri ng Camellia na namumulaklak lamang sa limitadong panahon.

Season limited camellia, *kinkacha*

Oshima milk ice cream

Tangkilikin ang iba't ibang mga nakakaaliw na mga aktibidad at

Tagalog

Ang Oshima Zoo ay binubuo ng hardin ng mga halaman, hardin ng Camellia, Zoo, hiking trail at iba pa. Ngayon, ipakilala namin ang zoo at camellia festival na ginaganap sa isang partikular na panahon.

【Zoo】 Isa sa mga pinaka-kaakit-akit na kagandahan ng Oshima zoo ay ang mga matatanaw na iba’t ibang hayop sa loob ng zoo. Halimbawa, nagbigay kami ng mga pagkain sa mga asno, baboy, unggoy at iba pang mga hayop. Bukod dito, maaari kayong pumasok sa isang malaking hawla kung saan ang mga hayop ay tahimik lamang na naninirahan habang ang mga ibon ay lumilipad sa paligid ng malaya na maihahalintulad sa isang gubat. Bilang karagdagan, hindi lamang natin nakikita ang mga hayop, kundi pati na rin ang pagbuo ng lava na nilikha noong nakaraang pagsabog ng bulkan. Ang mga pagbuo ng lava ay nagsilbi bilang tirahan para sa mga unggoy na naninirahan sa lugar. Maaari mong matatanaw ang nakamamanghang tanawin ang dagat habang nasa loob ng zoo.

【Camellia festival】 Ang pagdiriwang ng Camellia ay ginaganap mula sa katapusan ng Enero hanggang katapusan ng Marso sa Izu-Oshima kung saan ang bulaklak na Camellia ay napakasikat. Sa panahon ng Camellia Festival, makakaranas ka ng 4 na espesyal na aktibidad: Una, maaari mong pasukin ang Camellia Park sa panahon ng pagdiriwang ng camellia kung saan maaari mong maranasan ang greenhouse ng Camellia na binuo sa loob ng parke. Maaari kang makaranas ng magandang amoy sa loob ng greenhouse dahil sa magandang amoy ng mga bulaklak. Sa parke, mayroong higit sa 1000 na uri ng Camellia. Ikalawa, maaari mong matamasa ang pagsasayaw ng "Anko-san" at maaari kang sumali at sumayaw kasabay ang mga ito. Ang "Anko-san" ay nagmula sa isang salitang Hapon na "Anko" na ang ibig sabihin ay kapatid na babae at ang "Anko-san" ay tumutukoy sa mga babaeng nakasuot ng tradisyonal na damit habang nagtatrabaho noon. Ang damit nila ay binubuo ng bandana, aprons at isang damit na katulad ng kimono. Sa nakaraan, ang mga babaeng ito ay nag-iigib ng tubig mula sa isang bubon ng tubig-ulan at dinadala ang lalagyan habang pinapatong sa ulo. Ang kasuotan na ipinapasuot sa festival ngayon ay batay sa tradisyon ng mga babaeng ito habang nagtatrabaho noon. Ikatlo, maaari mong isuot ang damit ng Anko-san nang libre. Sa simula, maari kang makakaramdam ng pag-aalinlangan ngunit sa huli ay masisiyahan ka sa pagsuot ng tradisyonal na damit na walang bayad. Ang pinahuli ay masisiyahan ka sa pag-aaral at pagtingin sa mga iba't ibang mga bulaklak ng Camellia sa Camellia Museum kung saan maaari mong malaman ang mga ibat-ibang uri nito.

"Ang mga Camellia at mga ngiting namumulaklak." Sa Camellia festival, ang mga camellia ay namumulaklak sa panahong ito. Hindi lamang ang mga turista kundi pati na rin ang mga taong naninirahan sa mga Isla ng Izu ay nasisiyahan sa panahong ito. Dahil sa mainit at maligayang pagbati ng mga tao sa Izu-Oshima, ang lugar na ito ay namumulaklak tulad ng mga bulaklak

あんこさん(左)と様々な椿(右)